ABIVA
PUBLISHING
HOUSE, INC.

Serye ng Hakbang sa Pag-unlad Filipino
at ang MATATAG Kurikulum

Correlation Booklet para sa K2

Nilalaman

Introduksiyon ..... *v*

Ayon sa mga Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum 1
Ayon sa mga Pedagohikong Dulog 7
Ayon sa mga Larangan ng Pagpapaunlad 12
Ayon sa mga Kasanayang Pampagkatuto 18
Ayon sa mga Tema 25

Huling Paalala *28*

I-scan ito upang makita ang MATATAG Kindergarten Curriculum

INTRODUKSIYON

Maligayang pagtanggap sa *correlation booklet* ng ***Serye ng Hakbang sa Pag-unlad (SHP) Filipino***!

Sa nakalipas na ilang taon, masigasig na nirepaso at pinahusay ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education o DepEd) ang Pinakamahahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o Most Essential Learning Competencies (MELCs) at ang K to 12 Kurikulum ng 2016, na humantong sa paglulunsad ng MATATAG Kurikulum.

Napapanahon ang isinagawang pagsusuri kung nakaayon ang *SHP Filipino* sa mahahalagang komponent ng MATATAG Kurikulum. Bilang guro, batid mo ang kahalagahan ng mahusay na pagkakahanda ng mga kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto, na dapat nakasunod sa pambansang mga pamantayan sa edukasyon. Kaya layunin ng booklet na ito na tiyaking epektibo ang iyong pagtuturo upang matuguan ang mga interes, pangangailangan, at kaisipan ng mga Pilipinong mag-aaral.

Ang holistiko o pangkabuuang pag-unlad ng bata ang itinatampok ng DepEd MATATAG Kindergarten Curriculum (MATATAG K Kurikulum) sa pamamagitan ng mga integratibong karanasang pampagkatuto. Tumutugon ang kurikulum sa anim na larangan ng pagpapaunlad: (1) literasi, wika, at komunikasyon; (2) pagpapaunlad ng kakayahang sosyo-emosyonal; (3) kalusugang pisikal at pagpapaunlad ng kakayahang motor; (4) pagpapaunlad sa pagpapahalaga; (5) pagpapaunlad ng kakayahang estetiko/pagkamalikhain; at (6) pagpapaunlad ng kakayahang kognitibo.

Nakaangkla ang mga larangang nabanggit sa mga prinsipyo ng disenyong pangkurikulum na nakabatay sa mga ebidensiya (*evidence-based curriculum design principles*) at sa mga pedagohikong dulog (*pegogical approaches*) na pinakaangkop sa mga batang mag-aaral. Naglalaman ang kurikulum ng apatnapu't anim (46) na kasanayang pampagkatuto at nagmumungkahi ng apat (4) na temang gagamitin sa loob ng silid-aralan ng kindergarten.

Dinisenyo ang *SHP* nang nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan sa mga espesipikong larangan ng pagkatuto tungo sa pinakamainam na pag-unlad ng mga mag-aaral sa *preschool*. Kaya nakapokus ang *SHP Filipino* sa paglinang at pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat sa wikang Filipino, at pagkakaroon ng malikhaing pag-iisip. Umaayon ito at nakabatay sa mga kasanayan at rekomendasyon ng MELCs at ng K to 12 Kurikulum ng DepEd, mga tanging sanggunian noong isinusulat ang serye at noong inilimbag na muli para sa mga paaralan.

Gamit ang booklet na ito bilang gabay, masusuri mong mabuti kung paanong nakaayon ang *SHP Filipino* sa mga pamantayang pang-kindergarten sa DepEd MATATAG K Kurikulum. Kaakibat mo rin ang booklet sa patuloy na paghahanap ng mga paraan upang lalong mapaghusay ang iyong pagtuturo sa silid-aralan tungo sa layuning maging epektibong guro samantalang ginagamit mo ang isinaayos na pambansang kurikulum.

Anyo ng Booklet

Inilalahad sa booklet ang mga bahagi ng batayang aklat at patnubay ng guro sa serye na nakaayon sa sumusunod na mahahalagang komponent ng MATATAG K Kurikulum: mga prinsipyo ng disenyong

pangkurikulum, mga pedagohikong dulog, mga larangan ng pagpapaunlad, mga kasanayang pampagkatuto, at mga tema ng mga araling nakasaad sa kurikulum ng DepEd.

Habang isinasaalang-alang sa paggamit ng serye ang buod ng pambansang kurikulum para sa kindergarten, ang bawat inilarawang komponent ay nilakipan ng mga pangkalahatang rekomendasyon upang higit na mapaghusay ang pagtuturo sa silid-aralan.

Gayundin, ipinakikita sa mga *correlation chart* ang katumbas na mga aralin sa batayang aklat at sa patnubay ng guro na sumasalamin sa mga komponent ng kurikulum sa Kindergarten 2 (K2).

Paano Gamitin ang mga Correlation Chart

Sumangguni sa mga correlation chart upang makitang nasasalamin sa serye ang mga komponent ng MATATAG K Kurikulum. May tatlong bahagi ang bawat chart: antas, komponent ng kurikulum, at katumbas na mga aralin.

Sa unang kolum, nakatala ang mga kategorya ng komponent na binibigyang-tuon sa MATATAG K Kurikulum. Nasa ikalawa at ikatlong kolum naman ang talaan ng mga katumbas na aralin sa batayang aklat at sa patnubay ng guro na nakaayon sa mga kategoryang nabanggit. Upang mapadali ang paghahanap ng aralin, may ganitong pormat ang bawat tala: Yunit (Y), Aralin (A), at pahina (p.) o mga pahina (pp.). Halimbawa, tumutukoy ang Y1A3 p. 29 sa Yunit 1, Aralin 3, pahina 29 ng aklat.

antas → **Kindergarten 2**

komponent at aklat →

Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Nakapokus sa Mag-aaral	Y1A1 pp. 2, 5, 7 Y1A2 pp. 8-10, 12-15 Y1A3 pp. 16-20	Y1A1 p. 2 Y1A2 pp. 3-4 Y2A1 p. 6
kategorya ng komponent	katumbas na mga aralin sa batayang aklat	katumbas na mga aralin sa patnubay ng guro

AYON SA MGA PRINSIPYO NG DISENYONG PANGKURIKULUM

Nakaangkla ang MATATAG K Kurikulum sa anim na prinsipyo ng disenyong pangkurikulum: (1) nakapokus sa mag-aaral (*learner-centered*); (2) nakapokus sa pagkatuto (*learning-centered*); (3) integratibo (*integrated*); (4) naaangkop sa pagpapaunlad (*developmentally appropriate*), (5) batay sa laro (*play-based*), at (6) makabansa (*nationalistic*).

Malinaw na sumasalamin ang iba't ibang aralin ng *SHP Filipino K2* sa mga prinsipyo ng disenyong pangkurikulum na nakapokus sa pagkatuto, naaangkop sa pagpapaunlad, at batay sa laro. Partikular itong makikita sa kawili-wiling mga gawain na humihikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral ng kindergarten. Maaari pang mas mapahusay ang pagbibigay ng holistikong karanasan sa kanilang pagkatuto upang mapalawak ang mga limitadong pagkakataon sa aklat na nagpapaunlad sa pagpapahalaga, sa kakayahang sosyo-emosyonal, at sa kakayahang estetiko/pagkamalikhain. Iminumungkahi na magdagdag ng paglinang sa mga kasanayang pampagkatuto sa mga larangang ito, kung kailan at saan kailangan.

Minimal na masasalamin sa serye ang prinsipyong nakapokus sa mag-aaral, samantalang hindi nakita sa mga gawaing pampagtuturo at pampagkatuto ang prinsipyong makabansa. Mainam na maipakilala at mapaunlad ang mga araling tumutugon sa mga interes at kontekstong kinaroroonan ng mga mag-aaral. Upang mapagyaman ang kanilang pagiging makabansa, maaaring magdagdag ng mga paksang may kaugnayan sa pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Maisasagawa ito sa paggamit ng mga awiting-bayan, mga tula, o mga pambansang simbolo bilang bahagi ng pagpapakilala sa mga letra. Halimbawa, maaaring gamitin ang mangga sa pagpapakilala ng letrang *Mm*, sampagita para sa letrang *Ss*, nara para sa letrang *Nn*, tamaraw para sa letrang *Tt*, at iba pa. Bagama't nagamit sa aklat ang mangga at ang nara sa

pagpapakilala ng mga letrang *Mm* at *Nn*, hindi nabigyang-diin ang mga ito bilang mga pambansang simbolo sa pamamagitan ng maikli ngunit malinaw na pagpapaliwanag. Tandaan na kailangan itong gawin upang matiyak ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Pilipino.

Bilang patunay na nasasalamin sa seryeng ito ang mga prinsipyo ng disenyong pangkurikulum, tingnan ang sumusunod na mga chart. Mahalagang alalahanin na hindi gaanong naobserbahan ang mga prinsipyo ng disenyong pangkurikulum sa batayang aklat sapagkat nakatuon ito sa mga gawain para sa mga mag-aaral ng preschool. Mas malinaw na nailahad ang mga prinsipyo ng disenyo sa patnubay ng guro dahil mayroon itong pagpapaliwanag sa introduksiyon, nilalaman, at pagtataya ng bawat aralin.

Kindergarten 2

Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Nakapokus sa Mag-aaral	Y1A1 pp. 2–11 Y1A2 pp. 14–15 Y1A3 pp. 17–18 Y1A4 pp. 19–21 Y2A6 pp. 50–58	Y1A1 pp. 1–3
Nakapokus sa Pagkatuto		Y1A1 pp. 1–2 Y1A2 p. 4 Y1A4 pp. 7–8

Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
		Y1A5 p. 9 Y2A1 pp. 14–15 Y2A2 pp. 17–18 Y2A3 pp. 19–20 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y2A6 pp. 25–26 Y3A1–A4 pp. 32–92 Y4A1 pp. 103–105 Y4A2 pp. 106–107 Y4A3 pp. 109–112 Y4A4 pp. 113–114 Y4A5 pp. 116–120 Y4A5 pp. 122–123 Y4A7 p. 125 Y5A1 pp. 129–131 Y5A2 pp. 132–134

Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
		Y5A3 pp. 135–136
Integratibo		Y1A1 pp. 1–2 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y2A6 p. 25 Y5A1 p. 131 Y5A2 pp. 133–134 Y5A3 p. 135
Naaangkop sa Pagpapaunlad	Y1A1 pp. 7–11 Y1A4 pp. 20–21 Y1A5 pp. 22, 24 Y2A6 pp. 50–58 Y3A1 pp. 60, 69, 80 Y3A2 pp. 81, 87, 93, 103, 115 Y3A4 pp. 179, 186, 196 Y4A3 pp. 217, 220	Y1A1 pp. 1–3 Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 6 Y1A4 pp. 7–8 Y1A5 p. 9 Y2A1 pp. 14–15 Y2A2 pp. 17–18 Y2A3 pp. 19–20 Y2A4–Y2A5 pp. 21–22, 24 Y2A6 pp. 25–26

Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
	Y4A4 pp. 221, 225 Y5A1 pp. 246, 248–249 Y5A2 pp. 252–257 Y5A3 pp. 259–263	Y3A1 pp. 33–42 Y3A2 pp. 44–45, 47–59 Y3A3 pp. 61–79 Y3A4 pp. 80–92 Y4A1 pp. 103–105 Y4A2 pp. 106–107 Y4A3 pp. 110–112 Y4A4 p. 114 Y4A5 pp. 117–120 Y4A6 pp. 122–123 Y4A7 p. 125 Y5A1 pp. 129–131 Y5A2 pp. 132–134 Y5A3 pp. 135–136
Batay sa Laro	Y1A1 pp. 9–11	Y1A1 pp. 2–3 Y1A4 p. 8 Y2A1 p. 15 Y2A2 p. 18

Prinsipyo ng Disenyong Pangkurikulum	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
		Y2A3 p. 20 Y3A1 pp. 33, 35, 37– 38, 42 Y3A2 pp. 45, 48 Y3A3 p. 62 Y3A4 pp. 82, 83–86, 88–90 Y4A1 pp. 104–105 Y4A2 p. 107 Y4A3 pp. 110, 112 Y4A4 p. 114 Y4A5 p. 120 Y4A6 p. 123 Y4A7 p. 125 Y5A1 p. 131

AYON SA MGA PEDAGOHIKONG DULOG

Limang pedagohikong dulog ang iminumungkahi sa MATATAG K Kurikulum: konstruktibismo (*constructivism*), batay sa laro (*play-based*), batay sa pag-uusisa (*inquiry-based*), kolaboratibo (*collaborative*), at repleksibo *(reflective*).

Bahagyang nailapat ang konstruktibismo sa mga gawaing pampagtuturo at pampagkatuto sa serye. Bagama't mayroon ding mga pagkakataon para sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, hindi naipakita ang prinsipyong integratibo sa pag-uugnay ng mga nilalaman. Halimbawa, ipinakilala sa aralin ang letrang *Nn* sa pamamagitan ng maikling kuwento tungkol kay Nene, sa kaniyang ina, at sa ginagawa nila nang magkasama. Ang ina ay isang nars, kaya maaari pa sanang iugnay sa kaniya ang pagtalakay sa mga lingkod sa komunidad at kung paano sila nakatutulong sa mga tao.

Maaari ding imbitahan ang ilang mag-aaral na magbahagi sa klase ng kanilang mga ginagawa na kasama ang kanilang ina at kung ano ang kanilang nadarama tuwing ginagawa ang mga ito. Makapag-iiwan ng positibong saloobin at pagrespeto sa ibang tao ang talakayan tungkol sa mabuting ugnayan nila sa kanilang ina. Sa gayong paraan, mapauunlad din sa aralin ang kakayahang sosyo-emosyonal ng mga mag-aaral.

Dagdag dito, maaaring magkaroon ng kolaboratibong laro ng pagpapares ng mga larawan sa tamang panimulang letra ng pangalan gamit ang mga kilos na lokomotor, na makatutulong naman sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang motor. Maaaring tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagpapagawa ng simpleng kard na may mga larawang-guhit, kalakip ang maikling pasasalamat na nagpapahayag ng pagpapahalaga sa kanilang ina. Sa pamamagitan ng halimbawang ito, naipakikita kung

paano maingat na mapagyayaman ang aralin upang makamit ang pagkakaugnay-ugnay ng mga nilalaman gamit ang iba't ibang larangan ng pagpapaunlad.

Samantala, malinaw na masasalamin sa aklat ang dulog na batay sa laro, bagama't katamtaman lamang na nagamit ang dulog-kolaboratibo. Upang higit pang mailahad ang dulog-kolaboratibo sa paghahatid ng aralin, magplano ng mga gawaing pampagkatuto na hihikayat sa pagsasagawa ng mga ito nang pares-pares o grupo-grupo. Maaari itong maging bahagi ng mga aralin kung magsasama ng mga gawaing gaganyak sa mga mag-aaral na magsalitan sa pagtalakay, pagbabahagi ng mga ideya, o pagbibigay ng tugon. Maisasagawa ito sa kasiya-siyang paraan, ngunit kailangang isaalang-alang ang likas na katangian ng mga mag-aaral sa preschool na nagsisimula pa lamang sa ganitong proseso. Maaaring gamiting modelo ang target na mga kasanayan o pag-uugali at magbigay ng mga *scaffold* o tulong sa pagsasagawa ng proseso.

Panghuli, hindi man nakita ang dulog na batay sa pag-uusisa, masasalamin naman, gaano man kalimitado, ang dulog-repleksibo sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa *SHP Filipino K2*. Upang mapagyaman ang repleksibong pag-iisip, maglaan ng panahon para sa pansariling ebalwasyon ng mga mag-aaral na nakapokus sa kung paano nila nauunawaan ang aralin. Makatutulong ito upang matukoy ang mga aspekto ng paksa na hindi malinaw sa kanila. Sa gayon, magkaroon ng dagdag na pagtalakay o makapagbigay pa ng mga dagdag na gawain kung kailangan. Upang makalikha ng angkop na kaligiran para sa mapag-usisang kaisipan, hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo ng mga katanungang magbubukas sa iba't ibang ideya at solusyon kaugnay ng partikular na paksang tinalakay sa aklat.

Upang matukoy ang mga halimbawa ng pedagohikong dulog sa serye, tingnan ang sumusunod na chart. Obserbahan na mas makikita sa patnubay ng guro ang mga dulog na ito kaysa sa batayang aklat.

Kindergarten 2

Pedagohikong Dulog	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Konstruktibismo	Y1A1 pp. 3–11	Y1A1 pp. 1–3 Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 6 Y1A4 pp. 7–8 Y1A5 p. 9 Y2 A1 pp. 14–15 Y2A2 p. 17 Y2A3 pp. 18–19 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y2A6 pp. 25–26 Y3A1–A4 pp. 32–92 Y4A1 pp. 103–105 Y4A2 pp. 106–107 Y4A3 pp. 109–112 Y4A4 pp. 113–114 Y4A5 pp. 116–120

Pedagohikong Dulog	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
		Y4A6 pp. 122–123 Y4A7 p. 125 Y5A1 pp. 129–131 Y5A2 pp. 132–134 Y5A3 pp. 135–136
Batay sa Laro	Y1A1 pp. 9-11	Y1A1 pp. 2–3 Y1A4 p. 8 Y2A1 p. 15 Y2A2 p. 18 Y2A3 p. 20 Y3A1 pp. 33, 35, 37–38, 42 Y3A2 pp. 45, 48 Y3A3 p. 62 Y3A4 pp. 82, 83–86, 88–90 Y4A1 pp. 104–105 Y4A2 p. 107 Y4A3 pp. 110, 112 Y4A4 p. 114

Pedagohikong Dulog	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
		Y4A5 p. 120 Y4A6 p. 123 Y4A7 p. 125 Y5A1 p. 131
Kolaboratibo		Y1A1 p. 2 Y1A2 p. 4 Y2A2 p. 18 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y3A2 p. 52 Y3A3 pp. 62, 72 Y3A4 pp. 82, 85, 89, 90, 92 Y4A1 p. 104 Y5A1 p. 130
Repleksibo	Y5A2 p. 258 Y5A3 p. 263	Y2A4 pp. 21–22 Y2A6 pp. 25–26

Pedagohikong Dulog	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
		Y5A2 p. 133 Y5A3 p. 135

AYON SA MGA LARANGAN NG PAGPAPAUNLAD

Nakatuon ang MATATAG K Kurikulum sa anim (6) na larangan ng pagpapaunlad: (1) literasi, wika, at komunikasyon (*literacy, language, and communication*); (2) pagpapaunlad ng kakayahang sosyo-emosyonal (*socio-emotional development*); (3) kalusugang pisikal at pagpapaunlad ng kakayahang motor (*physical health and motor development*); (4) pagpapaunlad sa pagpapahalaga (*values development*); (5) pagpapaunlad ng kakayahang estetiko/pagkamalikhain (*aesthetic/creative development*); at (6) pagpapaunlad ng kakayahang kognitibo (*cognitive development*).

Malinaw na masasalamin sa *Filipino K2* ang mga larangang nabanggit, bagama't minimal na nailahad ang pagpapaunlad sa kakayahang sosyo-emosyonal, sa pagpapahalaga, at sa kakayahang estetiko/pagkamalikhain. Mahalaga na maisama nang estratehiko ang mga gawaing tutugon sa tatlong larangang ito upang holistikong maituro ang mga aralin. Tingnan ang mga halimbawang ibinigay sa unang bahagi ng booklet na ito.

Upang makita ang mga espesipikong bahagi ng serye na kakikitaan ng mga larangan ng pagpapaunlad, tingnan ang sumusunod na chart.

Kindergarten 2

Larangan ng Pagpapaunlad	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Literasi, Wika, at Komunikasyon	Y1A1 pp. 3–4 Y1A2 pp. 13–15 Y1A3 pp. 16–18 Y1A4 pp. 19–21 Y2A4 pp. 40–44 Y2A5 pp. 45–49 Y2A6 pp. 50–58 Y3A1–A4 pp. 60–196 Y4A1 pp. 198–201 Y4A2 pp. 202–205 Y4A3 pp. 206–220 Y4A4 pp. 221–225 Y4A5 pp. 226–236 Y4A6 pp. 237–240 Y4A7 pp. 241–244 Y5A1–A3 pp. 246–263	Y1A1 p. 2 Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 6 Y1A4 p. 7 Y1A5 p. 9 Y2A1 pp. 14–15 Y2A2 p. 17 Y2A3 pp. 19–20 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y2A6 p. 25 Y3A1-A4 pp. 32–92 Y4A1 pp. 103–105 Y5A1–A3 pp. 129–136

Larangan ng Pagpapaunlad	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Pagpapaunlad ng Kakayahang Sosyo-emosyonal	Y1A1 pp. 2–11 Y2A4 pp. 40–44 Y2A5 pp. 45–49 Y2A6 pp. 50–58 Y5A1 pp. 249–250 Y5A2 pp. 252–253, 256, 258 Y5A3 p. 260	Y1A1 pp. 1–2 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y2A6 p. 25 Y5A1 p. 131 Y5A3 p. 135
Kalusugang Pisikal at Pagpapaunlad ng Kakayahang Motor	Y1A1 pp. 3–4, 8–9, 11 Y1A2 p. 14 Y1A4 pp. 20–21 Y1A5 pp. 22–24 Y2A4 p. 43 Y2A5 pp. 48–49 Y2A6 pp. 55, 58 Y3A1 pp. 61, 63, 66, 70–71, 74, 78 Y3A2 pp. 82–83, 85, 88-90, 94–96, 99–101, 104–106,	Y1A1 pp. 1– 2 Y1A3 p. 6 Y1A4 p. 7 Y1A5 p. 9 Y2A2 p. 18 Y2A4 p. 22 Y5A1 p. 131

Larangan ng Pagpapaunlad	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
	110–112, 116–118 Y3A3 pp. 122, 124, 125, 127, 129, 130–132, 135–137, 141–143, 147–150, 153–155, 158–159, 164–166 Y3A4 pp. 170–171, 173, 177–178, 181–182, 184, 187–188, 190–191, 193, 196 Y4A2 p. 202 Y5A1 p. 248 Y5A2 p. 254 Y5A3 p. 263	
Pagpapaunlad sa Pagpapahalaga	Y1A1 pp. 2–11 Y2A4 pp. 40–44 Y2A5 pp. 45–49 Y2A6 pp. 50–58 Y5A1 pp. 249–250 Y5A2 pp. 253, 258	Y1A1 pp. 1–2 Y1A4 p. 7 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y2A6 p. 25 Y3A2 pp. 44, 54

Larangan ng Pagpapaunlad	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
	Y5A3 p. 263	Y3A3 p. 135 Y5A2 pp. 133–134 Y5A3 p. 135
Pagpapaunlad ng Kakayahang Estetiko/Pagkamalikhain	Y1A1 pp. 9–11 Y2A6 pp. 55, 58 Y4A2 p. 202 Y4A4 p. 221 Y5A1 p. 248 Y5A2 p. 254	Y1A1 pp. 1–2 Y1A3 p. 6 Y1A5 p. 9 Y3A1 pp. 35, 39, 41 Y3A2 pp. 47, 49–51, 58 Y3A3 pp. 65, 68 Y4A1 p. 104 Y5A2 p. 134
Pagpapaunlad ng Kakayahang Kognitibo	Y1A1 pp. 3–11 Y1A2 pp. 13–15 Y1A3 pp. 16–18 Y1A4 pp. 19–21 Y2A1 pp. 26–28	Y1A1 p. 2 Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 5 Y1A4 pp. 7–8 Y2A1 pp. 14–15

Larangan ng Pagpapaunlad	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
	Y2A2 pp. 32–34 Y2A3 pp. 35–39 Y2A4 pp. 40–44 Y2A5 pp. 45–49 Y3A1–A4 pp. 60–196 Y4A1 pp. 198–201 Y4A2 pp. 202–205 Y4A3 pp. 211–220 Y4A4 pp. 221–225 Y4A5 pp. 226–236 Y4A6 pp. 237–240 Y4A7 pp. 241–244 Y5A1 pp. 247–251 Y5A2 pp. 252–258 Y5A3 pp. 259–263	Y2A2 pp. 17–18 Y2A3 pp. 19–20 Y2A4 pp. 21–22 Y2A5 p. 24 Y3A1–A4 pp. 32–92 Y4A1 pp. 103–105 Y4A2 pp. 106–107 Y4A3 pp. 108–112 Y4A4 p. 114 Y4A5 pp. 116–120 Y4A6 pp. 122–123 Y4A7 pp. 125–126 Y5A1 p. 131 Y5A2 pp. 132–134 Y5A3 p. 135

AYON SA MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO

May apatnapu't anim (46) na kasanayang pampagkatuto ang MATATAG K Kurikulum na nahahati sa apat (4) na tema. Maliwanag na ang saklaw ng mga kasanayang pampagkatuto sa *Filipino K2* ay lubos na nauugnay sa literasi, wika, at komunikasyon, kasama ang iba pa, sa pagtuturo ng mga aralin. Tingnan ang sumusunod na chart para sa mga kasanayang pinagtuunan ng pansin sa mga aralin.

Kindergarten 2

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Ang mga mag-aaral ay: *(The learners:)*		
2. nakapagpapahayag ng sarili sa pamamagitan ng musika, sining, at galaw *(express themselves through music, arts, and movement)*;	Y2A6 pp. 55, 58 Y5A1 p. 248 Y5A2 p. 254	Y1A1 pp. 1–2 Y3A1 pp. 35, 39, 41 Y3A2 pp. 47, 49; 50–51, 58 Y3A3 pp. 65, 68 Y4A1 p. 104
3. nakapagpapamalas ng kakayahang tumugon nang wasto sa iba't ibang sitwasyon at pangyayari *(demonstrate the ability to respond*	Y2A4 pp. 43–44 Y2A5 pp. 48–49	Y2A4 p. 22

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
appropriately in different situations and events);		
4. nakapagsasagawa ng iba't ibang kilos na lokomotor at di-lokomotor (*demonstrate locomotor and nonlocomotor movements*);		Y1A1 pp. 1–2
5. nakatutukoy ng sariling mga karapatan bilang isang bata *(recognize their rights as a child)*;		Y5A1 p. 131
7. nakatutukoy ng sariling pangalan at ng pangalan ng mga kaibigan, mga miyembro ng pamilya, at mga bagay na nakikitang ginagamit sa tahanan *(identify their given name, friends' names, family members, and common things they use that are found at home)*;	Y1A1 pp. 2–4	Y1A1 p. 2
8. nakagagawa ng tunog ng bawat letra na kinakatawan nito (*produce the sound of the letter it stands for*);	Y3A1 pp. 61, 62, 65–67, 69–71, 74–75, 78–79 Y3A2 81, 82–84, 87–90, 93–96, 98–101, 103–106,	

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
	109–112, 115–118 Y3A3 pp. 122–125, 128, 130–131, 134–137, 140–143, 146–149, 152–155, 157–159, 163–166 Y3A4 pp. 168–171, 173, 176, 178, 180, 183–184, 187–188, 190–191, 193, 195	
9. nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra ng alpabeto (*write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase forms*);	Y3A1 pp. 61, 63, 66, 70–71, 74, 78 Y3A2 pp. 82–83, 85, 88–90, 94–96, 99–101, 104–106, 110–112, 116–118 Y3A3 pp. 122, 124–125, 127, 129–132, 135–137, 141–143, 147–150, 153–155, 158–159, 164–166	

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
	Y3A4 pp. 170–171, 173, 177–178, 181–182, 184, 187–188, 190–191, 193, 196	
10. nakapagkukuwento ng sariling mga karanasan *(narrate their personal experiences)*;		Y4A1 p. 104 Y5A2 pp. 132–133
11. nakagagamit ng magagalang na pagbati at pananalita sa angkop na mga pagkakataon *(use polite greetings and courteous expressions in appropriate situations)*;	Y2A4 pp. 43–44 Y2A5 pp. 48–49	
13. nakapaglalarawan ng mga bagay batay sa katangian ng mga ito (*hugis, sukat, gamit, at iba pa*) gamit ang mga pandama at mga bahagi ng katawan *[describe objects based on attributes* (shapes, sizes, uses, etc.) *using senses and body parts]*;		Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 6
15. nakagagamit ng mga kasangkapang	Y1A2 p. 14	

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
pangkomunikasyon nang maayos at ang teknolohiya nang naaangkop (*use communication tools properly and technology appropriately*);	Y2A6 p. 58 Y5A3 p. 267	
19. nakapagpapamalas ng pagiging magalang sa sarili, sa mga magulang, at sa iba pang miyembro ng pamilya *(demonstrate a respectful attitude toward themselves, parents, and other members of the family)*;	Y2A4 pp. 53–56	Y2A4 pp. 20–21
23. nakakikilala na sa pagpapatunog ng mga letra ay makabubuo ng mga salita (*recognize that sounding off letters form words*);	Y3A3 pp. 124, 130, 136, 142, 148–149, 154–155, 159–160, 165–166	
24. nakatutukoy ng pamilyar na mga tunog sa paligid (*identify familiar sounds in the environment*);	Y2A1 pp. 26–31	
26. nakapagbibigay ng wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa lokal na tekstong	Y5A2 p. 257 Y5A3 p. 265	

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
pinakinggan (*give the correct sequence of events in a local text listened to*);		
27. nakapagsasabi ng pangalan ng mga araw sa isang linggo at ng mga buwan sa isang taon (*tell the names of the days in a week and months in a year*);	Y4A1 pp. 198–201 Y4A2 pp. 202–205	
29. nakapag-uuri ng karaniwang mga bagay sa paligid ayon sa mga kulay at hugis (*classify common objects in the environment according to colors and shapes*);		Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 6
31. nakatutukoy ng kinalalagyan (*loob, ibabaw, ilalim, itaas, at ibaba*) at ng direksiyon (*kaliwa at kanan, harap at likod*) ng mga bagay sa paligid *[identify the positions (*in, on, over, under, top, and bottom*) and directions (*left and right, front and back*) of objects in their*	Y2A3 pp. 35–39	

Kasanayang Pampagkatuto	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
environment];		
34. nakalalahok sa mga diyalogo o usapan tungkol sa pamilyar na mga pangyayari (*participate in dialogues or conversations about familiar events*);		Y2A4 pp. 21–22
43. nakapag-uuri ng mga bagay batay sa namamasid na mga katangian (*classify objects based on observable properties)*; at		Y1A2 p. 4 Y1A3 p. 6
46. nakapagpapamalas ng kamalayan sa pagiging natatangi sa wika, kasarian, lahi, kultura (damit, gawi, paniniwala, pananampalataya, atbp.), katayuan sa buhay, kakayahan – at hindi lamang sa mga larangang ito. *[demonstrate an awareness of uniqueness, including but not limited to, language, gender, color, culture (dress, habits, beliefs, faith, etc.), status in life, ability.]*	Y1A1 pp. 2–11	

AYON SA MGA TEMA

Umiikot ang mga temang iminumungkahi ng MATATAG K Kurikulum sa bata at sa pamilya, patungo sa kaniyang komunidad, hanggang sa pagpapahalaga sa sariling bansa, at panghuli, sa pangangalaga sa mundo.

Masasalamin sa buong *Filipino K2* ang tema tungkol sa sarili at sa pamilya. Gayunpaman, limitadong nailahad ang mga tema tungkol sa komunidad, pagpapahalaga sa sariling bansa, at pangangalaga sa mundo.

Makikita sa mga yunit ng aklat ang paggamit ng sarili bilang pangkalahatang tema. Masasalamin sa sumusunod na mga pamagat ng yunit ang bata bilang pokus ng mga aralin: *Ako at ang mga Alam Ko, Ang mga Kaya Kong Tukuyin, Alam Ko ang Alpabetong Filipino, Ang mga Salitang Alam Ko,* at *Marunong Na Akong Bumasa.* Iminumungkahi na magdagdag ng iba pang tema sa pagtuturo ng mga aralin, kung kailan at saan kailangan o naaangkop.

Tingnan ang sumusunod na chart upang matukoy ang mga espesipikong bahagi ng serye kung saan makikita ang mga tema.

Kindergarten 2

Tema	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
Pagkilala sa Sarili at sa Aking Pamilya (*Knowing Who We Are and Our Families*)	Y1A1 pp. 2–11 Y1A2 pp. 14–15 Y1A3 pp. 17–18 Y1A4 pp. 19–21 Y2A4 pp. 41 at 43 Y2A5 pp. 48–49 Y2A6 pp. 50–58 Y3A2 pp. 103, 109	Y1A1 pp. 1–3 Y2A4 p. 22
Paggalugad sa Aking Komunidad (*Exploring Our Community*)	Y2A1 pp. 26–31 Y3A3 pp. 18, 134 Y4A2 pp. 202, 205 Y4A3 pp. 206–207, 210, 212–215	
Pagpapahalaga sa Ating Bansa (*Appreciating Our Country*)	Y3A4 pp. 179, 183–186	
Pangangalaga sa Ating Mundo	Y3A1 pp. 88–96	Y3A1 pp. 31–32

Tema	Batayang Aklat	Patnubay ng Guro
(*Caring for Our World*)	Y3A2 pp. 97–105 Y3A2 pp. 106–114 Y4A1 pp. 116–127 Y4A3 pp. 139–148 Y5A1 pp. 160–176 Y5A2 pp. 177–189 Y5A3 pp. 190–191	Y3A2 pp. 33–34 Y3A3 p. 36 Y4A1 pp. 40–41 Y4A3 pp. 46–47 Y5A1 pp. 54–55 Y5A2 pp. 57–59 Y5A3 p. 61

HULING PAALALA

Layunin ng booklet na ito na maipakita ang katangian ng pagkakaayon ng *SHP Filipino K2* sa inilabas na bagong kurikulum ng DeEd.

Maliwanag na makikita na magsisilbing magandang lunsaran ang serye, lalo na kung maayos na mailalapat ang mga kailangang pagbabago sa pagtuturo ng mga aralin.

Pinakamainam na maingat na maisaalang-alang at mapagnilayan ang mga mungkahing ibinigay sa pagpapatupad ng bagong-labas na MATATAG K Kurikulum.